

FACT FILE PARA SA MGA SEAFARERS

Ang paggamit ng Abogado

Bilang isang seafarer, maaaring kailanganin mong komunsulta ng isang abogado sa panahon na ikaw ay nagtatrabaho kung nakaharap ka sa isang problemang legal.

Ang mga problemang legal na nagmumula habang ikaw'y nasa trabaho ay baka o baka di-na kumailangan ng isang abogado. May mga problema, na kahit na may katutubong legal ang mga ito, ay maaaring higit na tratuhin na may pagka-karapatdapat sa pamamagitan ng ibang paraan, halimbawa ay ang paggamit ng mga pamamaraan na itinatag ng iyong pinagtatrabahuhan (employer) o sakop ng iyong kontrata sa pagtrabaho; na may kinalaman sa bandila/o bahagi ng administrasyon ng daungan ng bansa (port state administrations); na ginagamitan ng mga serbisyong idinudulot sa pamamagitan ng mga organisasyong pangkapakanan (welfare); at may kinalaman sa angkop na mga samahang-manggagawa (trade unions).

Gayunman, kung talagang kakailanganin mo ng abogado, kung gayon ang Fact File na ito ay nakapuntirya sa pagbigay ng praktikal na gabay upang makahanap ka ng abogado at kung papaano ka makapag-atas ng abogado. Ito ay nagpapaliwanag din kung paano makipagkasundo tungkol sa kabayaran ng panglegal na payo (legal advice), o maghanap ng libreng panglegal na payo.

Para sa gabay sa Paggamit ng Abogado sa partikular na mga bansa, tingnan ang website ng Karapatan ng mga Seafarers Internasyonal (Seafarers' Rights International [SRI]) sa www.seafarersrights.org.

Ito ay pangkalahatang gabay na maaaring gamitin kung walang tiyak (no specific) na gabay sa Paggamit ng Abogado sa isang partikular na bansa.

Ang mga Abogado ay kilala sa maraming katawagan sa buong mundo kasama ang 'Tagapagtanggol' (advocate), 'Legal na Sanggunian' (legal consultant), 'Abogado' (attorney), 'Manananggol' (barrister), 'Tagapangilak/Abogado' (solicitor), 'Tagapayo/Manananggol' (counsellor) o simpleng 'abogado'.

ANG PAGKUHA/PAG-UPA NG ABOGADO

Kung may problema kang legal, kung gayon ang unang katanungan na kailangang pagpasiyahan ay saang bansa ka nangangailangan ng abogado? Ito ay nakabatay sa partikular na uri ng problemang legal.

Mga Halimbawa ng mga problemang legal

URI NG LEGAL NA PROBLEMA	BANSA NA KUNG SAAN ANG ABOGADO AY DAPAT NA UPAHAN	LEGAL NA KADALUBHASAAN (EXPERTISE) NA KAKAILANGANIN
Paghahabol laban sa recruitment o manning agent	Ang bansa na kinaroroonan ng recruitment o manning agent	Abogado na may kinalaman sa Paglalayag (Maritime Lawyer) (na dalubhasa sa mga paghahabol ng mga seafarers)
Paghahabol sa suweldong di-ibinbigay at ibang paghahabol na may pang pinansiyal sa ilalim ng kasunduan sa trabaho hal: pagpapabalik (repatriation) Pagpapabaya (abandonment) hindi binabayarang overtime, May pagkakamaling pagputol ng kasunduan (contract) sa pagtrabaho	Ang daungan (port) na kinaroroonan ng barko; at/o ang bansa na kung nasaan ang opisina ng nag-employong kompanya ay naroon ang rehistradong opisina nito o ang aktuwal na lugar ng negosyo nito.	Abogado na may kinalaman sa paglalayag (Maritime Lawyer) (na dalubhasa sa mga paghahabol ng mga seafarers)
Paghahabol laban sa employer sa pagkawala o pagkasira ng iyong pag-aari	Ang port na kinaroroonan ng barko; at/o ang bansa na kinaroroonan ng nag-employong kompanya ay naroon ang rehistradong opisina nito o ang aktuwal na lugar ng negosyo nito.	Abogado na may kinalaman sa Paglalayag (na dalubhasa sa mga paghahabol ng mga seafarers)
Paghahabol sa personal na kapinsalaan/ pagkamatay habang nagtatrabaho	Ang lugar na pinangyarihan ng kapahamakan/ pagkamatay; at/o isa sa mga daungan/ports na binibisita ng barko; at/o ang bansa na kinaroroonan ng nag-employong kompanya ay naroon ang rehistradong opisina nito o aktuwal na lugar ng negosyo nito	Abogado Para sa Personal na Kapinsalaan (Personal Injury Lawyer)
Pagkapahamak na may kinalaman sa paglalayag o pangyayari	Ang port na kung saan ang sakuna sa paglalayag (marine casualty) ay nangyari; at/o ang unang daungan na tinutulugan ng barko pagkatapos ng sakuna sa paglalayag o ng pangyayari.	Abogado na may kinalaman sa Paglalayag (na dalubhasa sa mga paghahabol ng mga seafarers)
Kriminal na imbestigasyon/pagparatang	Ang bansa na kung saan ang imbestigasyon /pagpapatang ay ginagawa.	Abogado sa Krimen (Criminal Lawyer)
Paghahabol para sa serbisyong pagsagip	Ang bansa na kinaroroonan ng barko, kargo o kargada; at/o ang bansa na kinaroroonan ng may-ari ng barko at kargada na naroon ang kanilang mga rehistradong opisina o ang kanilang aktuwal na lugar ng negosyo	Abogado na may kinalaman sa Paglalayag (na dalubhasa sa mga paghahabol ng mga seafarers)
Paghahabol na pangmamamayan ng ibang tao laban sa seafarer	Ang bansa na kung saan isinasampa ang paghahabol laban sa seafarer	Abogado na may karanasan sa Mga Paghahabol sa Pangmamamayang Batas (Civil Law Claims)

PAANO MAGHANAP NG ABOGADO

Ang abogado ay dapat na:

- May karanasan sa uri ng problemang legal na mayroon ka. Halimbawa, ang batas na tungkol sa paglalayag (maritime law) ay isang partikular/tiyak (specific) na lawak. Lahat ng bansa na may tabing-dagat ay may partikular na batas tungkol sa paglalayag, at kung minsan ay may mga hukuman tungkol sa paglalayag, (maritime courts), gayunman hindi lahat ng abogado ay pamilyar sa batas tungkol sa paglalayag (maritime law).
- Hindi rin dapat gumanap para sa iyo kung inirerepresenta nila ang may-ari ng barko o ibang interes sa paglalayag sa pagtatalo (dispute), o pangkahalahatan. Maaaring ito ay lumikha ng labanan/salungatan (conflict) at ang abogado ay baka di maaaring makapagbigay-payo sa iyo ng may-kasarinlan (independently).

Maaaring humanap ng abogado ang mga seafarers:

- Nakalista sa website ng Karapatang PangInternasyonal ng mga Seafarers (Seafarers' Rights International 'SRI'). Ang website ay nasa www.seafarersrights.org. Dito matatagpuan ninyo ang isang listahan ng mga abogado/kompanyang pambatas (law firms) na sumusubskribe (subscribe) sa Charter ng Mabuting Kaugalian (practice) para sa Probisyon ng mgs Serbisiyong Pambatas sa mga Seafarers.
- Nakalista sa mga gabay na pang-internasyonal at direktoryo na kung saan mga espesyalistang abogado ay nakalatag (set out) at ginagrado (rated). Halimbawa ng mga website na ito ay: www.legal500.com at www.chambersandpartners.com (ang mga website ay nasa wikang English)
- Nakalista sa mga lupon ng pagmimiyembro (membership bodies) o mga lupon na may kinalaman sa kautusan (regulatory bodies) ng propesyong legal sa mga partikular na mga bansa. Gayunman kadalasan ang mga websites na ito ay nasa ibang wika.
- Rekomendasyon ng mga kaibigan o miyembro na pamilya
- Rekomendasyon ng mga lokal na samahan ng mga manggagawa (trade unions) o mga organisasyong pangkapakanan (welfare organisations)
- Rekomendasyon ng mga lokal na konsulado

ANG PAGKUHA NG ABOGADO

Kung mayroon kang problemang legal, dapat kang humirang ng abogado sa lalong madaling panahon dahil sa karamihan sa mga legal na paglilitis ay kailangang isampa o ipagtanggol sa loob ng partikular na panahon.

Sa oras na ang abogado ay pumayag na irepresenta ka, kailangang ipaliwanag sa iyo ng abogado ang mga sumusunod:

- Ang mapagpipilian kung papaano tatalakayin ang problema mo
- Ang pagbabakasali (chances) na makuha ang resulta na nais mo.
- Gaano katagal ang aabutin ng kaso.
- Isang estimasyon ng maaaring magastos sa gagawing trabaho
- Kung maaaring makakuha ng tulong na panglegal (legal aid)
- Kung magkano ang maaari mong bayaran kung matalo ang kaso mo
- Kung ikaw ba ay dapat magbigay ng seguridad para sa panglegal na gastos ng kabila
- Kung ano ang gagawin mo kung hindi ka masaya sa serbisyo ng abogado

Sa pangkalahatan, sa panahon na nangyayari ang problemang legal, dapat na regular kang ipinagpapaalaman ng abogado tiungkol sa progreso, at sumusunod siya sa mga patakarang propesyonal.

PAGBABAYAD SA ABOGADO

Mga karaniwang bayad sa pakikipag-ayos ay ipinapaliwanag sa ibaba. Gayunman ang mga pakikipag-ayos na ito ay hindi laging maaaring makuha sa bawat bansa.

- Ang "Kabayaran para sa Anumang Maaaring Mangyayari" (Contingency Fee) ay tinutukoy bilang 'walang panalo-walang bayad' (no win-no fee) sapagka't ang kabayaran ay babayaran lamang kung may mainam na resulta para sa iyo. Ang Kabayaran sa 'Anumang Maaaring Mangyari' (contingent fee) ay kadalasang kinakalkula bilang porsiyento ng halaga na iginawad sa iyo. Sa ibang mga bansa, ang mga abogado ay hindi pinapayagang maningil na batay sa 'contingency fee'. Gayunman maaari silang maningil bilang kondisyonal na kabayaran na kahawig ng contingency fee.
- Ang 'Tapat' (Flat) o 'di-Matatawaran' (Fixed) na Bayad (Fee) ay kung saan ang abogado ay naniningil ng isang di-matatawaring (fixed) fee na kung minsan ay porsiyento ng halaga ng paghahabol (claim). Ito ay pangkalahatang inaalok (generally offered) kung ang claim ay may kasimplihan o karaniwang pamamalakad (routine) subalit mahalaga rin na tanungin kung talagang anong mga serbisyo at mga ginastos ang saklaw at ano ang hindi saklaw.
- Ang mga por ora na singil ay kung saan ang abogado ay naniningil sang-ayon sa bilang ng oras na trinabaho niya sa iyong paghahabol. Ang presyo na por ora ay malaki ang pagkakaiba-iba sang-ayon sa ilang bilang na mga dahilan katulad ng lokasyon, karanasan at reputasyon ng abogado. May ibang mga abogado na naniningil ng ibang bayad sa ibang uri ng trabaho (pananaliksik na legal (legal research) laban sa pagharap sa hukuman).
- Ang Paunang Bayad na Kabayaran (Retainer Fee) ay kung saan babayaran mo ang abogado ng isang takdang (set) fee na kumakatawan bilang paunang bayad laban sa mga pinagbabatayan ng hinaharap na gastos. Ang retainer fee ay kadalasang hindi-maisasauli, at kung ang fees ay tumaas sa halaga ng retainer, kailangan mo ring bayaran ang halagang iyon. Karagdagang kabayaran na sumobra sa retainer ay kadalasang kinakailangan kapag ang kaso ay tumutungo sa hukuman.
- Ang Takda ng Batas na Kabayaran (Statutory Fee) ay kung saan ang batas ng isang partikular na bansa ay nagtatakda ng fees sang-ayon sa Batas (statute), o ang hukuman ay nagtatakda at nag-aapropa ng fee na dapat bayaran ng seafarer.

ANG PAGKUHA NG LIBRENG LEGAL NA PAYO

Ang mga sumusunod ay mga mapagpipilian sa paghahanap ng libreng legal na payo.

Tulong na PangLegal (Legal Aid)

Ang Legal Aid ay isang sistema na tinitiyak na iyong mga hindi makakakayang umupa ng abogado ay magkakaroon ng pagkakataon na makakuha ng serbisyong legal. Gayun pa man hindi ito bukas sa lahat ng bansa, at hind rin ito bukas sa lahat ng uri ng problemang legal. Sa malawakan (broadly) may dalawang uri ng tulong na panglegal (legal aid): Pangmamamayang legal aid at pangkriminal na legal aid.

Legal aid na pangmamamayan (Civil Legal Aid): May ibang mga bansa na nagbibigay ng legal aid sa mga pangmamamayang paghahabol (civil claims) subali't kadalasan ito ay ibinibigay lamang May ibang mga bansa ang nagbibigay sa mga mamamayan o nakatira/residente ng bansang iyon.

Legal aid na Pangkrimen (Criminal legal aid): Sa maraming mga bansa, ang gobyerno ang naglalaan ng pondo sa ma legal aid 'clinics' at sila'y pangkalahatang humahawak lamang ng mga kaso na tumatalakay sa mga mahihirap at naghihikahos, at dahil sa limitadong pondo, maaaring sila'y tumanggap lamang ng ibang uri na mga kaso.

Mga Klinika sa Legal aid (Legal aid clinics): (Sa maraming mga bansa, ang gobyerno ay may laang-gugulin (funds) para sa mga klinika ng legal aid (legal aid clinics) at karaniwang kadalasang ay humahawak lamang ng mga kaso na may kinalaman sa mga mahihirap at walang-wala, at dahil sa limitadong laang-gugulin, tumatanggap lamang sila ng may mga ibang uri na kaso.

Mga legal na serbisyong "pro bono" (Pro bono Legal services)

Ang Pro bono ay pariralang Latin (Latin phrase) na ang ibig sabihin ay gawaing propesyonal na boluntaryong tinanggap at walang kabayaran o sa mababang kabayaran bilang serbisyong pampubliko. Ang mga abogadong nagtatrabaho sa pribadong kompanya ng batas ay kadalasang ipinagtatrabaho ang bahagi ng kanilang oras sa mga kasong pro bono kaya naman magtatanong ka kung nagbibigay ng serbisyong panglegal na pro bono ang abogado, at kung ganoon nga, kung ikaw ay karapat-dapat o puwede ka doon (eligible).

Mga organisasyong di-pampamahalaan (Non-government organisations)

May mga ibang (NGO's) na nagrerepresenta ng mga grupo ng manggagawa katulad ng mga naglalayag (seafarers) na maaaring magkaloob ng libreng serbisyong pang-legal. Maaari mong kontakin ang isang local na unyon o isang sentro ng mga seafarers upang malaman kung sila ay nagbibigay ng libreng legal na payo.

Tulong sa pamamagitan ng telepono (helplines)

May mga helplines na bukas para sa mga seafarers subali't ang mga ito ay magkaloob lamang ng serbisyo sa simula at kailangan mong makipag-usap sa isang abogado para sa isang partikular na payo.

KUNG NAGKAROON KAYO NG DI-PAGKAKAUNAWAAN NG ABOGADO

Karamihan sa mga bansa ay nag-uutos na ang mga abogado ay dapat na kasapi ng asosasyon ng mga abogado at tumupad/tumalima sa isang Alituntunin ng Pag-uugali (Code of Conduct) ng mga abogado. Kaya naman kung ikaw ay hindi masaya kung paano hinahawakan ang iyong legal na problema (halimbawa, kung may mga atraso) kaya maaaring magsampa ng reklamo sa abogado/ law firm, o sa lupon ng propesyonal na pangasiwaan (Professional Regulatory Body) ng mga Abogado. Kung ang abogado ay naging pabaya, kung gayon maaari kang gumawa ng legal na aksiyon laban sa abogado.

Tandaan – sa anumang yugto, maaari kang magbago ng abogado. Gayun pa man ito ay maaaring magastos dahil sa ang bagong abogado ay kakailanganing maging pamilyar sa iyong problema. Gayon din kapag nagbago ka ng abogado, mahalagang mag-ingat ka na ang deadline ng kaso ay hindi malampasan.

Markalistahan sa paggamit ng Abogado

- ✓ Magpasiya kung anong bansa kakailanganin mo ang abogado
- ✓ Humanap ng abogadong may karanasan sa uri ng problemang legal na mayroon ka
- ✓ Siyasatin kung ang abogado ay walang kasalungat (conflict) at makapagbibigay sa iyo ng independeyenteng panglegal na payo
- ✓ Magtanung-tanong kung mayroong libheng payong panglegal na maaari mong makuha.
- ✓ Makipag-areglo ng kabayaran sa pakikipag-ayos (fee arrangement) na kasiya-siya sa iyo.
- ✓ Hilingin na lagi kang regular na pagpapaalaman (informed) tungkol sa progreso ng iyong kaso
- ✓ Tandaan lagi mong maaaring palitan ang iyong abogado o magreklamo kung hindi ka nasisiyahan/nayayamot ka sa serbisyo ng abogado

Bisitahin ang www.seafarers.org para sa listahan ng mga abogado na nagsusubskribe sa isang charter ng mabuting pamamalakad para sa probisyon ng mga panglegal na serbisyo sa mga seafarers.

PangInternasyonal na Karapatan ng mga Maglalayag Seafarers' Rights International (SRI)

49-60 Borough Road, London SE1 1DR, United Kingdom

Tel: +44 (0)207 940 9320/9332 / Email: legal@seafarersrights.org

June 2013

Ang Seafarers' Rights International (SRI) ay isang independeyenteng sentro na nakalaan lamang sa pagsulong ng mga karapatan ng seafarers sa pamamagitan ng pananaliksik, edukasyon at pagsasanay sa mga isyung may kinalaman sa maglalayag at batas.